

# Chapter One



"Are you okay? Are you hurt?" anang lalaking umalalay kay Karina. Muntik na siyang mawalan ng balanse kung hindi ito naging maagap sa paghawak sa magkabilang balikat niya.

Ang dalaga ang may kasalanan kaya nabunggo niya ito. Nakayuko siya habang naglalakad. Pero mukhang hindi naman iyon ininda ng lalaki, bagkus ay mabilis siyang inalalayan nito.

"Yeah, I am more than okay. And no, I'm not hurt," aniya. Bagaman ramdam niya ang matigas na katawan ng kausap na nabangga, maagap siya nitong naalalayan kaya hindi malakas ang impact ng pagkakabunggo niya rito.

Hindi talaga nasaktan si Karina, not physically. Dahil hindi sakit kundi disappointment ang naramdaman niya sa inabutang eksena sa loob ng building na pinuntahan.

“Are you sure? Namumula ang mga pisngi mo,” anang lalaki, bakas sa boses ang pag-aalala. “Sinubukan kong iwasan ka, pero kung saang direksyon ako pumunta, doon ka rin napunta kaya hindi na kita naiwasan.”

Nakayuko si Karina at may hinahalungkat sa bag nang mabangga niya ito.

“Sorry, I am bit clumsy. Nagmamadali kasi ako.” Nakayuko pa rin siya habang hinahanap sa pavement ang nabitawang susi ng kotse. Yumuko rin ang lalaki, ito na ang dumampot sa susi na napunta sa pagitan ng mga paa nito.

“Salamat,” aniya, may pilit na ngiti sa kanyang mga labi nang sulyapan ito.

“No worries,” nakangiting sagot nito. Imbes na sumagot ay na-distract siya sa ngiti ng kausap, lalo na sa dimple nito sa kanang pisngi. Doon napako ang kanyang paningin.

Ipinilig ng dalaga ang ulo niya para tanggalin ang agiw roon. Heto siya, nagmamadaling makaalis dahil natuklasan niya na ang latest prospect boyfriend ay isang epic fail, pagkatapos

ay may nakasalubong lang siya sa parking lot, naakit na kaagad siya?

“Excuse me. I really need to go.” Hindi na tiningnang mabuti ni Karina ang mukha ng lalaki, bagkus ay kaagad na siyang tumalikod.

“Hey, Miss, sandali...” tawag nito pero hindi na iyon pinansin. Dali-dali siyang lumakad papunta sa kotse. Kailangan niyang makaalis doon kaagad.



*“Bakla pala si Mr. Right, bakla pala ang love of my life, pink pala ang icing sa ibabaw ng cupcake niya. Bakla pala si Mr. Right, bakla pala ang love of my life, siya pala ang magbabalik ng luha sa ‘king mga mata. Si Mr. Wrong pala...”* Nakapikit pa si Karina habang kinakanta iyon, pakumpas-kumpas ang mga kamay na animo’y orchestra ang nasa harapan imbes na TV screen.

“Akin na na nga ‘yang mic. Mina-murder mo ang kanta ni Kim,” ani Aileen na sinubukang abutin ang *Magic Sing*.

“Wag kang magulo, nagmo-moment ako.” Iniiwas niya ang microphone sa kaibigan. Hinubad niya ang rubber shoes at tumayo sa bangko at doon kumanta.

Si Aileen naman ay naupo na lang sa sofa at hinayaan na siya. Naroon sila sa isang sulok ng

entertainment room ng bahay nito at ng Kuya Brian niya. Naging kaibigan niya ito nang maging kasintahan ng kapatid niya. At naging mas malapit sila nang ikinasal ang mga ito tatlong taon na ang nakakaraan. At kung may birthday party sa labas, may party rin siya sa loob. Iyon nga lang, grieving party ang drama niya.

“*Si Mr. Wrong pala, Mr. Wrong pala, Mr. Wrong pala...*” Nag-bow pa siya matapos kumanta. Ngunit, dahil sa pagyuko ay nahilo siya at muntik nang matumba. Pero nasalo siya ng matatag na mga braso bago pa man sumayad ang katawan niya sa carpeted floor.

“Naglalasing, hindi naman kaya,” palatak pa ni Carlos bago umiling.

Napakapit si Karina sa balikat ng bagong dating. Namumungay ang mga mata niya dala ng kalasingan.

“And so?” aniya bago nagpilit na kumawala sa mga bisig nito.

Umiling ang binata pero ibinaba siya sa sofa. Binalingan nito ang kaibigan niya, “Hinahanap ka na ni Brian sa labas. Nagpapaalam na ang mga bisita n’yo.”

Si Carlos at ang Kuya Brian ng dalaga ang magkaibigan mula high school. Nakilala ng

kapatid niya si Aileen dahil sa pagsama nito sa probinsya ni Carlos.

Bumaling sa kanya ang binata at umiling, “Kanina ka pa hinahanap ng daddy at mommy mo. Pero sa itsura mo...”

Nasaling ang damdamin ni Karina. Muli siyang nakaramdam ng hilo nang yumuko siya upang tingnan ang sarili. “Bakit? Wala namang mali sa itsura ko, ah!”

May mali ba sa kanya? Kaya ba basta na lang siya iniwan ni Carlos noon?

Kaya ba sa kanilang magkakaibigan, siya na lang ang walang seryosong relasyon? Siya ang laging napag-iiwanan at luhaan?

Masaya na ang lalaki. May bago na itong girlfriend. Samantalang siya, narito sa silid, nag-iisa. Broken-hearted. Defeated. Again.

Broken-hearted again nga ba o broken-hearted still dapat?

May mapait na ngiting gumuhit sa mga labi ni Karina. Ibinalik niya ang paningin sa lamesa. Kung kanina ay baso ang ginagamit niya sa pag-inom ng alak, ngayon ay ininom niya iyon diretso sa bote. Matapos maibaba iyon ay tumayo siya. Pero muling umikot ang kanyang paningin. Nakalapit naman kaagad si Carlos at binuhat siya

para ihiga sa sofa.

Nagpilit siyang bumangon at tinabig ang braso nito, “Ano ba? Bakit mo ba ako pinapakialaman?”

“Lasing ka na,” ani Aileen.

“Gusto mo bang ihatid na kita sa kuwarto mo?” ani Carlos.

“Ang gusto ko ay mapag-isa. Lumabas na kayo,” malamig na saad ni Karina. Bumangon na siya nang tuluyan at hinanap ang microphone. Wari’y naramdaman naman ni Carlos ang pakay niya. Kinuha nito ang *Magic Sing* at iniabot sa kanya.

“Sige na, Aileen. Ako na ang bahala rito. Unahin mo na si Brandon. Naiyak na’yung bata, inaalo lang ng mga lola niya.”

“Karina, tama na ’yan, ha?” ani Aileen bago lumabas.

Sa kabila ng hilo at umiikot na paningin ay nagawa pa rin ng dalaga na mag-key in ng kanta. Saulo na niya ang numero niyon sa *Magic Sing*, saulo rin niya ang lyrics ng awitin. Kahit lasing siya at hindi na halos makagulapay ay kaya niyang kantahin iyon.

*“All those sleepless night, all the tears I cried, all the pain I kept inside, I kept asking myself why, you had to say goodbye...”*

Ipinikit ni Karina ang mga mata. Nagsisisi

siya. Bakit nga ba kinanta niya ito na si Carlos pa ang kasama?

Imbes na tapusin ang kanta ay pinindot niya ang pause button. Ipinatong niya ang microphone sa lamesa at inabot ang bote ng alak. Tinungga niya iyon, hindi ibinaba hangga't hindi nauubos.

Alam ng dalaga na lampas na siya sa alcohol tolerance niya. Nabasa niyang kapag lasing dapat ay hindi na niya alam ang lahat. Dapat wala na siyang natatandaan, pero alam pa niya ang nangyayari. Nararamdaman pa rin niya ang kabiguan.

Hindi siya mahilig uminom, pero may mga pagkakataong katulad nito na gusto niyang makalimot, kahit na sandali lang. Gustong lunurin ni Karina ang lahat ng disappointment, sakit, at lungkot na umaalipin na naman sa kanya. Pagod na siyang maghanap at umasa na ang lalaking sunod na makikilala ang magiging susi para matagpuan niya ang totoong kaligayahan.

Muli siyang kumuha ng bote sa bucket, ngunit inagaw na iyon ni Carlos, "Tama na, Karina. Lasing ka na. Halika na, dadalhin na kita sa kuwarto mo."

"Dito lang ako. Sige na, umalis ka na."

Inabot niya ang boteng ipinatong nito sa lamesa, pero inilayo iyon ng lalaki sa kanya. Isinandig na lang niya ang kanyang ulo sa sandalan ng upuan at pumikit. Hindi niya matagalan ang pagtitig ng lalaki. Kung kailan niya ninais na maging manhid, saka naman nananadya ang pagkakataon dahil kahit nakapikit, ramdam niya ang pagtitig ni Carlos.

“Masakit na ba ang ulo mo?”

“Hindi mo kailangang maging mabait sa akin, Carlos. Hindi mo kailangang manatili rito. Wala kang obligasyon at kaya ko ang sarili ko.” Gusto niyang idagdag na ayaw rin niyang makita nito ang kamiserablehan niya.

Another failed attempt at finding her Mr. Right. Huminga siya nang malalim at lalong ipinikit ang mga mata.

Bago pumunta rito ay sakit sa pride lang ang nararamdaman niya. Pero ngayon, muling kumirot ang puso ni Karina. Kanina ay hindi siya naiiyak, nagagalit lang siya. Pero ngayon, biglang sumakit ang puso niya. Hindi dahil sa natuklasan tungkol sa latest prospect boyfriend kundi dahil sa nasaksihan at narinig niya sa garden.

“Hindi masamang maging concerned sa isang kaibigan, Karina,” nasa boses ni Carlos



ang pag-aalala.

“Kaibigan?” Bahaw na tumawa ang dalaga. Lalong sumakit ang puso niya. “We are not friends, Carlos. We are just two people with a history.”

Hindi ito umimik. Siya naman ay hindi rin kumibo. Kasabay ng pagsuko ng dalaga sa paghahanap ng Mr. Right ay ang pagtanggap na hindi na talaga niya matatagpuan ang tamang lalaki para sa kanya.

Natagpuan na niya, kaso hindi niya alam kung bakit nawala...

At kailangan na rin niyang pakawalan ang pag-asam na matagal niyang itinago sa kaibuturan ng kanyang puso.

“Brie?” Karina Brielle Lanuza ang buong pangalan niya, pero ‘Karina’ ang madalas na tawag sa kanya ng mga taong kakilala. Tanging si Carlos lang ang tumawag sa kanya ng ‘Brie’. Malumanay ang pagkakatawag nito sa pangalan niya. Naroon ang pag-aalala. Madalas siyang tawagin nito sa ganoong tono kapag pinapagaan nito ang loob niya.

At imbes na gumaan ang loob ay mas lalong nalungkot si Karina. Napamulat siya nang maramdaman ang pagdampi ng daliri nito sa kanyang pisngi, papunta sa gilid ng kanyang mga

mata, pinahid ang mga luhang naglandas doon.

Pinadausdos niya ang katawan sa sofa at tuluyang nahiga roon. Niyapos niya ang unan at itinakip sa mukha.

Pakiramdam ni Karina ay umikot ang paligid. Ipinikit niya nang mariin ang kanyang mga mata, nag-uumpisa na ring sumakit ang ulo niya. But she would welcome other physical hurt just to distract herself from the hurt she was feeling in her heart. The feeling of finally accepting that some love was never meant to be. She was letting go and finally accepting that what she longed and hoped for would never happen.

“Brie?”

“Leave, please. Gusto kong mapag-isa.”

Narinig niyang bumuntong-hininga si Carlos. Ilang minuto pa ang pinalipas nito bago tumayo at lumabas ng entertainment room. Ilang minuto pa rin ang pinalipas niya bago siya bumangon at sumandal sa bangko. Muling inabot ni Karina ang bote sa lamesa. Kasabay ng pagtungga sa bote ay ang pagpatak ng luha sa mga mata ng dalaga.

Ilang bote pa ba ang kailangan niyang inumin bago siya maging manhid? Sana kahit ngayong gabi lang, basta makalimutan niya panandalian

ang sakit.

# Chapter Two



Sapo ni Karina ang kanyang ulo nang magising kinabukasan. May hangover siya dahil sa ginawang pag-inom nang nakaraang gabi. Bumangon siya at naupo muna sa kama nang ilang minuto. Pinakiramdaman niya muna ang sarili at nang masigurong kaya ng umalis sa higaan ay dumiretso sa banyo na nasa loob ng kanyang silid.

Ilang sandali pa'y pababa na siya ng hagdanan upang magtungo sa kusina. Nagugutom siya kaya dumiretso na siya roon.

“Good morning,” bati niya sa hipag na nasa harap ng kalan. Lalo siyang nagutom nang maamoy ang niluluto ni Aileen.

“Magandang tanghali na, Karina.” Nilingon siya nito at ininguso ang orasan sa gawing likuran.

Alas onse na pala! Hindi niya akalain na makakatulog siya nang ganoon katagal.

“Kumusta ang tulog?”

“Ayos naman.” Dumiretso siya sa fridge at inilabas ang pitsel ng malamig na tubig. Kumuha siya ng baso saka naupo sa hapag-kainan. “Ano’ng nangyari kagabi?”

Natupad naman ang hiling ni Karina. Wala na siyang matandaan matapos kumuha pa ng ilang bote ng alak.

“Ang kuya mo ang nag-akyat sa iyo sa kuwarto at nakatulog ka na raw sa entertainment room.” Inilapag nito sa harapan niya ang bagong lutong kare-kare at kanin. Ipinatong din nito sa harapan niya ang plato at utensils.

“Kung kahapon hindi ka nagkuwento, baka gusto mong sabihin sa akin ngayon kung bakit bigla kang naglasing. Nasa garden ang party, pero nagkulong ka sa loob ng bahay,” anito nang maupo sa harapan niya.

Ginanap sa malawak na garden sa pagitan ng dalawang bahay ang birthday party ng pamangkin ni Karina. Hindi na pinalagyan ng

bakod nina Kuya Brian at Carlos ang pagitan ng bahay ng mga ito. Nag-share pa ang dalawa sa gastos para sa pagpapaayos ng garden, pagpapatayo ng trellis, gazebo at swimming pool. Ganoon ka-close ang dalawa.

“Pagdating mo, ipinatong mo lang ang regalo sa lamesa, pumasok ka sa loob at nagkulong na doon.”

Napabuntong-hininga na lang si Karina, tahimik na inabot ang kanin at kare-kare. Hindi niya masabi sa hipag na ang inabutang eksena sa garden ang dahilan ng pagkukulong at pag-inom niya.

Nang nagdaang araw ay nadatnan niya si Carlos sa garden kasama ang current girlfriend nito. Karga ng babae si Brandon habang nilalaro naman ng lalaki ang bata. A picture of a happy family.

Habang siya, miserable.

“Ano nga ba kasi’ng pumasok sa isip mo, Karina?” anang kuya niya na bagong pasok sa kusina. Hinalikan nito ang asawa sa labi bago naupo sa kabisera. Si Aileen naman ay muling tumayo at inayos ang lamesa.

Hindi sinagot ng dalaga ang tanong ng kapatid, bagkus ay itinuloy lang niya ang pagkain.

“Honey, nasaan si Brandon?” ani Brian na nag-umpisa na ring kumain.

“Nasa kabilang bahay, hiniram ni Tita Minnie,” tukoy ni Aileen sa ina ni Carlos. Dumating daw ang mga ito dahil ipapasyal ni Carlos sa Hong Kong bilang selebrasyon sa kaarawan ng ina nito.

Naitanong niya sa kaibigan kahapon kung bakit mukhang bukas ang bahay sa kabila. Nasanay siyang laging nakasarado ang bahay ni Carlos. Ang alam niya ay mas madalas itong naglalagi sa condo unit nito. Kilalang basketball player na ngayon si Carlos. At madalang itong umuwi sa bahay dahil mas madalas na nauubos ang oras nito sa pagba-basketball. Katatapos lang ng isang season kaya may kaunting panahon ito para magbiyahe bago mag-umpisa ulit sa pag-eensayo.

Ang kuya naman ni Karina ay operations manager sa manufacturing company nila. Matagal na siyang pinagha-handle ng ama sa kahit anong posisyong gusto niya. Sadyang idini-delay niya ang pagtatrabaho roon. Mayroon siyang gustong gawin. Pero hindi pa niya alam kung ano, at kung paano.

“Bukod sa maglasing, ano pa’ng plano mo sa

buhay, Karina?”

“Para namang araw-araw akong naglalasing kung pagsalitaan mo, Kuya.” Inabot ni Karina ang baso ng tubig at uminom.

“Honey...”

Tumahimik ang kuya niya, itinuloy na lang ang pagkain. Matapos makakain ay tumayo na si Karina. Pero bago siya makaakyat ay nakasunod sa kanya si Brian. Nag-abot sila sa sala, hinawakan nito ang braso niya.

“Hanggang kailan mo planong sayangin ang oras mo sa mga walang kuwentang bagay?”

“Paano mo nasabing walang kuwenta ang ginagawa ko, Kuya? Nag-e-enjoy ako sa buhay ko. At kapag nag-e-enjoy, hindi nasasayang iyon.”

“Nagsasayang ka ng oras at panahon, Karina. Ano’ng napapala mo sa pagkanta sa bar? May sarili tayong kompanya. Graduate ka ng Business Management. Bakit hindi mo gamitin sa maayos na trabaho ang oras mo?”

“Kung gusto mong makulong sa opisina, ako, ayaw ko. At kaya mo nang patakbuhan ang negosyong iyon. Wala akong interes doon.”

“Honey...” saway ni Aileen na sumunod pala sa kanila. Alam nito kapag totoong galit na siya at alam din nito kung kailan galit ang asawa. At



sa tinatakbo ng usapan nilang magkapatid, alam ng babae na mauwi sila sa pagtatalo.

“Hon, not this time. Halos maubos niya ang beer ko sa ref, ah.”

“Papalitan ko,” aniya, hinigit ang braso at tumalikod sa kapatid, pero nahawakan siyang muli nito.

“Hindi iyon ang punto ko, Karina. Ano ba’ng nangyayari sa iyo? Hindi ka naman ganyan dati. Kung wala kang interes sa negosyo, ano ba’ng interes mo? Imposibleng maging isang kilalang mang-aawit. Dati’y may lumapit na sa iyong agent para kunin kang recording artist pero tinanggihan mo. Ano ba talagang plano mo sa buhay, Karina?”

“Ano ba’ng pakialam mo sa plano ko, Kuya?”

“Nag-aalala na kami sa iyo. Parang walang direksyon ang buhay mo. Hindi ka dating ganyan. Noong bata ka, marami kang pangarap. Ano’ng nangyari?”

“Honey...”

“No, hon, somebody has to shake some sense in her. Nag-aalala na kami nina Mommy at Daddy. At hindi ko hahayaang masira at masayang ang buhay niya dahil sa mga walang kuwentang bagay na pinaggagagawa niya ngayon.”

“It’s *my* life, Kuya. I will run it the way I want to.”

“Isipin mo rin kami, Karina. Nag-aalala kami sa iyo. At nagtataka kami kung ano’ng nangyari at bakit nawalan ka ng direksyon.”

Nasaling ang pride ng dalaga. Ang masabihan na walang direksyon ang pinakahuling gusto niyang marinig.

“Excuse me. Tamang oras ba ito para mang-abala?” anang babaeng nasa pinto, karga nito si Brandon.

Ang babaeng kasama ni Carlos sa garden kahapon. In all her splendid glory. Nakalugay ang mahaba at tuwid na buhok nito. Naka-jeans ang babae at kahit na t-shirt lang ang pang-itaas ay halata ang magandang hubog ng katawan. Nakaguhit ang alanganing ngiti sa mga labi nito.

“Okay lang, Beth. Salamat sa pag-aalaga sa batang ito. Malikot ba?” ani Aileen, lumapit ito sa bagong dating at kinuha ang anak.

Kung narito pa ang babae, ibig sabihin ay nagpalipas ito ng gabi sa kabilang bahay kasama si Carlos at ang pamilya nito.

Carlos seemed to be starting his plans now.

Di ba’t iyon naman ang plano nito, ang patirahin sa bahay na itatayo ang babaeng

pakakasalan?

And now, Karina was seeing her.

Nang nagdaang gabi pa nadurog ang lahat ng pag-asa sa puso niya, pero hindi pa pala sagad ang sakit na puwede niyang maramdaman. Dahil ngayong umaga, mas masakit ang nararamdaman niya. Marahil, dahil walang alak na lumulunod sa puso niya.

Wala na talagang pag-asang magkabalikan pa sila ni Carlos. Naka-move on na ito. Siya na lang ang umaasa.

Umaasa sa wala.

“Hindi naman. Kung hindi nga lang kami paalis, hindi ko pa nga sana isasauli. I love kids.”

“Mabuti iyon. Hindi ka na mahihirapan sa pag-a-adjust kapag nagkaanak kayo ni Carlos,” anang hipag niya.

May kung anong sakit na gumuhit sa dibdib ni Karina. Tinitigan niya ang babae na hindi sumagot sa sinabi ng hipag niya, ngumiti lang ito. Humahanap siya ng katangian na puwede niyang kainisan dito, iyong puwede niyang ipintas. Pero wala siyang makita. Sa bukas ng mukha pa lang ay alam niyang mabait si Beth, lalo na kapag ngumingiti.

Paano niya kaiinisan ang isang babaeng

bukod sa maganda, halatang mabait at mabuting tao pa?

“Naiwan sa bahay,” anang bagong pasok na si Carlos, may dala-dalang feeding bottle at teether. Iniabot nito iyon sa kuya niya. Napatingin ito sa kanya at nginitian siya. “Kumusta? Masakit ba ang ulo mo?”

Umiling lang si Karina. Parang may bumikig sa lalamunan niya. Gaano katagal na ba niyang pinangarap na kumustahin ni Carlos? Hindi na niya alam. Bakit ngayon pa nito naisip itanong sa kanya iyon?

“Nakapunta na ako sa gym, nakakain na rin ng pananghalian at ilang minuto na lang, papunta na kami sa *NAIA*. Pero ikaw, naka-pajama pa. Nagsuklay ka na ba, Karina?” Nakangiti naman si Carlos nang sabihin iyon, halatang binibiro siya, pero pakiramdam ni Karina ay sinampal siya.

Alam niyang maganda siya, pero ano ang panama niya sa girlfriend nitong may light makeup sa mukha? At masakit sa pakiramdam na masabihan, kahit indirectly, na habang natutulog siya ay marami na itong nagawa.

“Siya pala si Karina,” anang babae, lumapit ito sa kanya at inilahad ang kamay. “I’m Beth. I heard so much about you. Nice to finally meet

you.” Nakangiti ito. At wala siyang makitang animosity sa mga mata nito, ang naroon ay curiosity lamang.

“Same here,” iyon lang ang tanging nasabi ni Karina. Matapos bitawan ang kamay nito ay pilit siyang ngumiti, “Aakyat na muna ako. Kailangan ko na ring maghanda. May lakad din kasi ako.” Tinanguan niya ang mga kaharap bago tumalikod.

“Hindi pa tayo tapos mag-usap, Karina,” anang kuya niya, pero hindi niya ito pinansin. Alam niyang hindi pa talaga sila tapos mag-usap.

At kailangan na niyang umalis agad.

Noong isang linggo lang ay ang kanilang ama ang kumausap sa kanya. Pinipilit na siya nitong magtrabaho sa kompanya nila, at dahil ayaw niya, nagtalo lang silang mag-ama. Dahil doon ay umalis muna siya sa kanila. Dito siya tumuloy sa kuya niya. Pero dahil sa nangyari at dahil sa nakatira sa kabilang bahay, aalis din muna si Karina rito.

Kung hindi pa siya makakauwi sa kanila at kung hindi rin siya puwedeng tumigil dito, saan siya pupunta?

Ang tawanan sa labas ng bahay ang nakapagpalingon kay Karina. Lumakad siya

palapit sa bintana at sumilip. Nakita niyang nagpapaalaman sina Kuya Brian, Aileen at ang pamilya ni Carlos. Matapos iyon ay ipinagbukas pa ng huli ng pinto ang babae sa unahan bago ito sumakay sa kotse. Nanatili si Karina sa tapat ng bintana hanggang sa mawala sa nanlalabo niyang paningin ang sasakyan.



“Ang aga mo, ah. At saka wala ka namang set ngayon, hindi ba?” ani Melody, ang mayari ng restobar na madalas niyang tugtugan. Wednesday at Friday ang schedule ng pagtugtog niya rito, tuwing acoustic night. Solo act lang siya. Ayaw niya nang may kasama. Dati na siyang sumali sa banda, pero ayaw niya ng drama kaya humiwalay siya.

At dahil hindi naman talaga pagkanta ang kanyang ikinabubuhay, ang kinukuha lang niyang gig ay ang talagang gusto niya.

“Nagtalo kami ni Kuya.” Naupo si Karina sa stool, ipinatong ang duffel bag sa sahig at ang guitar bag sa bar counter. Hindi pa open ang bar, pero pumunta na siya roon dahil alam niyang nandoon ngayon si Melody. Nabanggit nito sa kanya kahapon na mag-i-inventory ito ngayon.

“Noong isang linggo, nakipagtalo ka sa daddy

mo, ngayon kuya mo naman. Nagiging warfreak ka na ba?” nakataas ang kilay na komento ni Melody.

“Pinapakialaman nila ako sa gusto kong gawin sa buhay ko.”

Ipinatong nito ang logbook sa counter at humarap sa kanya. “Ano nga ulit ang plano mong gawin sa buhay mo, Karina?”

“Mel, pati ba naman ikaw?”

Itinaas nito ang dalawang kamay na animo’y sumusuko. “Hindi kita inaaway. Tinatanong lang kita.”

Huminga siya nang malalim. Hindi rin niya alam ang sagot sa tanong na iyon. Pero hindi niya magawang aminin iyon sa sarili, lalo na sa ibang tao. Parang inamin na niyang wala nga talaga siyang direksyon.

Pero wala naman talaga.

Nagpapadala lang siya sa agos ng buhay. Pero hindi alam ni Karina kung saan ba dapat ang punta niya. Noon, akala niya ay na-set na niya ang plano. Nangako pa siyang pagbubutihin ang sarili.

But somewhere along the way, she got lost.

At ngayon, hindi niya eksaktong alam kung nasaan siya at kung ano ang dapat niyang gawin

sa buhay. Napatingin siya sa entablado, napatitig sa piano roon. “Kumanta, at makatagpo ng lalaking p’wede kong ipagmalaki.” Tumayo siya mula sa stool at lumakad papunta sa stage.

“Ang taas, Karina. Matutupad mo kaagad ’yon.” Nasa boses ni Melody ang panunudyo. Pero hindi na niya iyon sinagot, sa halip ay itinaas niya ang takip ng piano, naupo sa bangko sa harapan niyon at pinindot ang mga tiklada.

*“What kind of fool am I? Who never fall in love, it seems that I’m the only one that I have been thinking of.”*

Ipinikit niya ang mga mata. She missed playing the piano. Dahil sa pagtugtog niyon kaya nahilig siya sa musika. Noong bata siya ay piano ang madalas na gamit niya, pero sa pagtagal ng panahon ay nabaling ang atensyon niya sa gitara.

Iminulat ni Karina ang mga mata, nakatitig sa mga tikladang pinipindot pero ang isip niya ay punong-puno ng iba’t ibang tanong.

Why was it so hard to fall in love? It’s been so long... seventeen pa lang siya noong unang pumasok sa relasyon. Ilang beses na ba siyang nakipagrelasyon? Hindi na niya mabilang. Pero sa tuwina, laging hungkag ang pakiramdam niya. Laging may kulang. Lagi siyang may nakikitang



mali.

Marahil mali ang dahilan ng pagpasok niya sa mga relasyong iyon. At marahil hindi niya tootoong minahal ang mga lalaking napaugnay sa kanya pagkatapos ng kulang apat na taong relasyon nila ni Carlos. Pero sinubukan talaga niyang makalimot. Sinubukan niyang magmahal muli. Pero hindi siya nagtagumpay. Laging nananalo ang pilat na nasa puso niya.

*“Why can’t I fall in love like any other girl? And maybe then I’ll know what kind of fool I am.”*

Tahimik na tahimik ang bar. Pinahid ni Karina ang luha na hindi niya napansing namalisbis sa kanyang pisngi.

Napalingon ang dalaga sa pagpalakpak ng isang tao.

Nagtama ang mga mata nila ng lalaking nakasandal sa bar counter. Ito lang ang nag-iisang pumalakpak habang ang ibang staff, maging si Melody, ay nakatitig lang sa kanya.

Sanay ang mga ito na gitara ang ginagamit ni Karina kapag kumakanta. Hindi rin siya nagbe-belt. Music was just an outlet for her to calm down and clear her mind. Easy listening songs ang madalas niyang tinutugtog. Ito ang kauna-unahang pagkakataon na narinig ng mga ito na

talagang bumirit siya sa pagkanta.

“Saan mo itinatago iyon, Karina?” ani Melody, halata ang pagkamangha sa mukha.

Nagkibit-balikat siya, muling pinindot ang mga tiklada.

Lumakad ang lalaki palapit sa kanya. Nakangiti ito, bakas sa mukha ang paghanga. Nang makalapit ay inilahad nito ang kamay sa kanya. “Jeremy.”

“Karina Brielle,” aniya nang abutin ang kamay nito.

“A fitting name for a unique girl with a unique voice and an angelic beauty.”

Hindi niya napigilan ang pagngiti. “Lahat talaga ng nakilala kong Jeremy ay magaling mambola.”

Lalong lumapad ang pagkakangiti ng lalaki, at ngayong malapit na ito sa kanya ay saka niya napagtuunan ang itsura nito. Curly hair, thick eyebrows and lashes, deep-set eyes, pointed nose, and he had a dimple on his right cheek.

“Last time I checked, vocalist ako ng banda at hindi basketbolista kaya hindi ako magaling sa pambobola.” Kumikislap ang mga mata nito.

Hindi niya napigilan ang pagtawa. Kanina lang ay hindi niya napigilan ang pagpatak ng

luha dahil sa lungkot pero hindi naglipat-oras, napatawa siya ng lalaking ito.

“Even your laughter is enticing.” Umangat ang sulok ng labi ni Jeremy, hindi pa rin binibitawan ang kamay ng dalaga.

“Well, your dimpled smile is enticing, too.” Pasimpleng hinigit ni Karina ang kamay. Tumayo na siya at bumaba sa entablado saka lumapit kay Melody.

“Kung nag-a-audition ka, tanggap ka na.”

Napatigil siya sa paglakad at napalingon dito. “Kumakanta na ako rito, actually.”

Kumunot ang noo ng binata, bumaling kay Melody.

Ipinaikot ng babae ang mga mata, iniabot ang logbook sa staff at ipinatong ang dalawang braso sa counter bago sumandig doon. “Pinipirmahan mo ang tseke, hindi mo alam! Kuya naman! Sa susunod, makakagawa rin pala ako ng tseke na nakapangalan sa akin. Isang milyon. Tatal, hindi mo naman yata binabasa ang pinapapirmahan ko sa iyo.”

Napakamot sa batok si Jeremy.

Napatawa si Karina. Naupo siya sa stool sa harapan ni Melody. Lumapit ang binata sa kanila at naupo sa stool na katabi niya, “Masyado lang

akong busy,” baling nitong muli sa kanya at ngumiti.

“Mag-iisang taon na siyang kumakanta rito, Kuya. Hanggang ngayon, hindi mo pa rin tanda ng pangalan niya? Dalasan mo kasi ang pagpasyal dito. Silent partner nga kita, pero hindi ibig sabihin very silent partner! Eh, sa ating dalawa, ikaw pa nga ang may malaking share dito.”

“Busy lang talaga ako,” anito, kay Karina pa rin nakatitig.

“Sabagay, bukod sa family business n’yo, ilan pa ba ang restobar mo para pagtuunan mo ng atensyon itong maliit na bar na ito? And I get it, araw-araw kung ilang tseke ang pinipirmahan mo,” halata sa boses ni Melody ang pagbibiro.

“Wag kang mag-alala, Mel, madadalas na ang pagpunta ko rito,” anito, ngumiting muli.

“Mukha nga. Halatang-halata,” natatawang sagot ng pinsan nito. Bumaling sa kanya ang kaibigan, nangingislap ang mga mata, “Ayan, mukhang matutupad mo na ang plano mo.”

# Chapter Three



“Oh, interesting song.” Napangiti si Karina habang nakatingin sa papel na hawak. Ito na ang huling request na kaya niyang ma-entertain bago magtapos ang set niya. “*Blank Space*, requested by Miss Menchie.”

Ang grupo sa kanang bahagi ng bar ay nagpalakpakan. May isang babae roon na tumayo pa at nag-bow.

Napangiti siya. “Is this your reminder to those guys who keep chasing you around?”

Nag-thumbs up si Menchie, ngumiti ito bago naupo.

“Well, guys, consider yourself warned. Miss Menchie is not your usual girl,” aniya na

ikinatawa ng grupo nito, mayroon pang pumito. Si Menchie naman ay ngiting-ngiti, itinaas ang dalawang kamay na parehas naka-thumbs up sign.

“Actually, it’s not just applicable to Miss Menchie. It is applicable to me, too. So, to the guy who offered a drink after my set, consider yourself warned. Please, do have second thoughts. And you can add few more thoughts after that.”

Nagtawanan ang mga tao sa loob ng bar dahil sa sinabi niya.

Napatingin siya sa bar counter at nakita niyang nakatitig sa kanya si Jeremy. Nang makita nitong nakatingin siya ay itinaas nito ang basong hawak. At sa kabila ng distansya nila ay alam niyang nakangiti ito. Napailing na lang si Karina bago inumpisahan ang pagtipa sa gitara at pagkanta.

Mula noong una nilang pagkikita ay nagpakita na ito ng interes sa kanya. Alam niya iyon dahil madalas sabihin ni Melody na nakailang tanong na si Jeremy tungkol sa kanya.

Nag-text din ang lalaki at nag-offer ng dinner, pero hindi niya sinagot. Kung noon siguro, basta na lang siya sasama. Pero pagod na si Karina na pumasok sa isang relasyon na alam

niyang walang patutunguhan. Pagod na siyang magpadala lang sa agos.

At isa pa, ayaw niya ng conflict, at ang mapadawit sa may-ari ng bar na tinutugtugan niya ay isang malaking conflict. Sinabi lang niyang maghahanap siya ng lalaki, pero ang totoo, gusto muna niyang matagpuan ang sarili. Sa kabila ng kanyang pagkanta sa bar na halos puno ng tao, pakiramdam ng dalaga ay nag-iisa lang siya.

Sabagay, nag-iisa lang naman talaga si Karina sa kanyang mundo..

*“So it’s gonna be forever, or it’s gonna go down in flames. You can tell me when it’s over, if the high was worth the pain. Got a long list of ex-lovers..”*

Ibinaling niya sa ibang parokyano ang tingin at napansin niya ang bagong pasok na grupo sa bar. Biglang lumakas ang tibok ng puso ni Karina nang makilala ang isa sa mga iyon.

Si Carlos.

Naupo ang grupo nito malapit sa unahan at nagulat pa si Carlos nang makita ang dalaga sa entablado. Alam nito na kumakanta si Karina, pero hindi nito alam kung saang bar. Sabagay, kung ang kuya at ama nga niya, walang interes sa ginagawa niya, ang lalaki pa kaya? Tanging

ang kanyang ina at nakababatang kapatid ang sumusuporta sa hilig niya sa musika. At alam ng dalaga na mas gugustuhin pa ni Carlos na mag-stay sa gym kaysa mamasyal at mag-inom. Pero narito ngayon ang lalaki. Nagbabago talaga ang lahat.

*“Screaming, crying, perfect storm, I can make all the tables turn...”*

Nagbawi si Karina ng paningin dito, muli niyang inilibot ang tingin sa ibang customers. Napatingin siya sa lalaking nakaupo malapit sa unahan. Titig na titig ito sa kanya. Alam niyang ito ang nagbigay sa kanya ng imbitasyong uminom pagkatapos ng set.

*“But I got a blank space, baby, and I’ll write your name,”* aniya, nginitian ito, ngiting nagpapasalamat lang. Wari’y naunawaan naman ng lalaki ang ipinararating niya dahil ngumiti rin ito at tumango.

May mga sumipol pagkatapos ng kanta niya, at grupo iyon ni Carlos.

*“That’s it for my last song. Thank you for sticking around and I hope you had a great time. I hope to see you again on my next gig. You can catch me here every Wednesday and Friday. Enjoy the rest of the evening,”* ani Karina bago



bumaba ng entablado.

Pagkababa ay dumiretso siya sa backstage. Nakita niyang tumayo si Carlos at alam ng dalaga na lalapitan siya nito dahil pagtayo niya ay lumakad ang lalaki palapit sa entablado, dahilan para lumiko siya at dumiretso sa likod.

“Trey, p’wede bang pakisabi na lang kay Mel na aalis na ako? Dito na ako sa backdoor dadaan. At kapag may naghanap sa akin, pakisabing umalis na ako,” aniya sa staff na naabutan niyang nag-aayos ng mga kable ng mga instrumento sa bandang kasunod ng set niya.

“Bakit aalis ka na kaagad? Hindi ba may pag-uusapan pa tayo?” ani Jeremy, nakakunot ang noo nito, bagong pasok sa backstage.

“Next time na lang.” Nag-iwas si Karina ng tingin dito. Kanina pagdating niya ay sinabihan na siya nito na gusto siyang kausapin tungkol sa pagtugtog sa iba pang bar na pag-aari ng lalaki.

“Karina?”

Lumingon dito si Jeremy. Lalong kumunot ang noo nito, “Pare, restricted area ito,” malumanay ang pagsasalita nito pero naroon ang awtoridad.

“Alam ko, pare. Pero kailangan ko lang makausap si Karina,” sagot ni Carlos na nakatitig sa kanya.

“P’wede mo naman siyang kausapin, pero sa labas ka na lang mag-antay,” ani Jeremy, malumanay pa rin ang boses pero mas nagkaroon ng diin ang bawat salitang sinasabi.

“Bakit sa labas pa? Dito na lang kami mag-uusap,” anang dating nobyo ni Karina, tumingin ito kay Jeremy. At kung si Jeremy ay kalmado, si Carlos ay halata ang biglang pagbabago ng mood.

“Restricted area ito at kung hindi mo napapansin, nakakaabala ka sa trabaho ng tauhan ko.”

Nakaharang si Carlos sa daanan papunta sa stage at hindi makapunta roon si Trey. Nakatayo lang ito sa tabi, pero alerto naman ang lalaki. Halata ni Karina na naramdaman din nito ang biglang pagtaas ng tensyon sa pagitan ng dalawang lalaki.

“Carlos, p’wedeng sa labas ka na lang mag-antay?” ani Karina. Inunahan na niya sa pagsasalita ang lalaki. Baka mas tumaas pa ang tensyon kung hindi siya sasabat. Gumitna rin siya sa dalawa.

“Paano kung umalis ka na naman?” anito, mula sa pagiging seryoso ay biglang nabahala ang lalaki.

“Hindi pa ako aalis, Carlos. Mag-uusap pa kami ni Jeremy.” Nilingon niya ang pinsan ni Melody, “By the way, he is Jeremy, siya ang may-ari ng bar. Jeremy, siya naman si Carlos, kaibigan ng kuya ko.”

Tumango si Jeremy, inilahad ang kamay kay Carlos. “Nice to meet you, pare.”

Tinanggap ni Carlos ang pakikipagkamay nito. “Sorry kung nakakaabala ako. Kailangan ko lang talagang makausap si Karina,” anito bago bumaling sa kanya, salubong ang mga kilay nito. “Ganoon mo na lang ako ipakilala sa iba ngayon, Karina?”

“Ano ba dapat?” Nagulat ang dalaga at hindi niya inasahan na kukuwestiyunin siya nito.

“Sino ba ako sa ’yo?” Nasa mga mata ng lalaki ang pagdaramdam.

At hindi maunawaan ni Karina kung bakit kailangan nitong magdamdam. Hindi ba’t ito naman ang nakipaghiwalay noon? Siya ang iniwan, ang umasa at ngayon ay nasasaktan.

Ang mga relasyon na pinasok niya pagkatapos nilang maghiwalay ay dala ng paghihimagsik at pagpapakita na hindi niya dinamdam ang paghihiwalay nila. Pero ang totoo, gusto niyang makita iyon ng binata. Gusto niyang magsisi

ito sa pakikipaghiwalay nito sa kanya. Kaya nga madalas pa rin siyang pumupunta sa bahay ng kuya niya. Umasa siyang makikita roon ang binata. Umasa rin si Karina na maibabalik nila ang nakaraan.

Ngayon lang bumigay ang dalaga. Nang makita niya ang babaeng mukhang seseryosohin na ni Carlos. Isinama at pinatulog na nga sa bahay na ang disenyo ay hango sa dream house niya.

Kaya ngayon, sino nga ba si Carlos sa kanya? Wala na siyang aasahan, she had to let go.

Ano ba ang inaasahan nitong paraan ng pagpapakilala niya? O baka naman napunta na sa ulo nito ang kasikatan? Pero hindi ganoon ang pagkakakilala niya rito. Maliban na lang kung talagang nagbago na ito. Sabagay, ilang taon na silang hiwalay, marami nang nagbago.

“Jeremy, siya nga pala si Joseph Carlos Alfonso, *PBA* player,” aniya, sinalubong ang tingin ni Carlos. Hindi niya itinago ang sakit at pagdaramdam sa mga mata.

Lumarawan ang sakit sa mga mata ng dating kasintahan. “Ganoon na lang ba ako sa iyo ngayon, Karina? Kaibigan na lang ng kuya mo? Basketball player na kilala mo? Hindi mo na ba

ako kayang i-consider kahit kaibigan mo lang?”

Nahigit niya ang hininga at naguluhan siya sa inasal ng binata.

“Nasagot ko na iyan, Carlos. Lasing ako noon, pero tanda ko ang sinabi ko sa iyo.”

“Ikaw na rin ang nagsabi, may nakaraan tayo. Hindi ba p’wedeng basehan iyon para maging kaibigan man lang kita ngayon?”

Alam ni Karina na hindi pa niya ito kayang ituring na kaibigan. Hindi pa, hanggang alam niyang may bahagi ng puso niya na hawak pa rin ng binata. “May mga tao talagang kapag may nakaraan ay hindi na p’wedeng maging magkaibigan.”

“Pero meron ding naging malapit na magkaibigan. At meron pang ibang nagkabalikan,” ani Carlos, titig na titig sa mga mata niya.

Nagulat si Karina. Gusto pa ba siya nito? Mahal pa rin ba siya ng lalaki?

Pero si Beth... Ano si Beth sa buhay nito? Napuno na naman ng sakit ang puso niya pagkaalala sa babae.

Si Jeremy na tahimik lang na nakatayo sa tagiliran niya ay biglang nagsalita, “Karina, kung kailangan n’yo ng pribadong lugar para mag-usap, p’wede naman sa opisina.”

Nilingon niya si Jeremy at nginitian. “Hindi na. Wala naman kaming dapat pag-usapan. Sa iyo ako nakapag-commit na makikipag-usap bago umuwi.”

“Nasabi sa akin ni Brian na ilang araw ka nang hindi umuuwi, Karina. Nag-aalala na sa iyo ang kuya mo, pati ang parents mo,” sabat ni Carlos.

“Pakisabi sa kanila na ayos lang ako. At saka nakita mo naman na okay ako, di ba?”

“Ano ba’ng nangyayari sa iyo? Hindi ka naman dating ganyan, ah.” Tiningnan nito nang masama si Jeremy.

Tumaas lang ang sulok ng mga labi ng huli.

Nagtagis ang mga ngipin ni Karina. Kung nasaktan siya kanina pagkaalala kay Beth, bigla siyang nagalit sa gustong ipahiwatig ni Carlos, kasabay ng hiyang naramdaman. Ano na lang ang sasabihin ni Jeremy? Hindi pa nga niya lubos na kilala ang lalaki, nadamay na ito sa drama ng buhay niya.

“Ano ba ang pagkakakilala mo sa dating ako, Carlos? Alam mo ba? Di ba s’abi mo dati, hindi mo na ako kilala?”

Hindi ito nakaimik, tinitigan lang siya.

Napailing siya. “Isipin ko na concerned ka kaya ka nakikialam.”

“Karina...”

Itinaas niya ang kamay, pinigil niya ang gustong sabihin ng lalaki, “Sabagay, concerned ka naman talaga, di ba? Nag-aalala ka sa sasabihin ng kuya ko at ng mga magulang ko.”

“Concerned talaga ako, pero hindi lang sa kanila. Lalong higit sa iyo.”

Umiling si Karina. “Talaga? Salamat sa concern kung gan’on. Pero hindi ka dapat mag-alala, May nakilala na akong taong alam kong hindi ako pababayaan. ’Yong uunawain kung ano talaga ang pinagdadaanan at nararamdaman ko. ’Yong totoong may concern hindi lang sa pamilya ko, lalong higit sa akin. ’Yong una ako.”

Kung inaakala nitong si Jeremy ang naging dahilan ng pagbabago niya, hahayaan niya ang dating nobyo. Hindi niya itatama ang maling akala nito.

Binalingan niya si Jeremy. Tahimik lang ito, nakikinig at nakatitig sa kanya. Pero hindi niya mabasa ang emosyon sa mukha nito. Gayonpaman, nginitian niya ang lalaki.

“Tara na.” Hinawakan niya ang kamay nito at hinigit palabas ng backstage.

“Karina...” tawag ni Carlos, nakasunod pa rin sa kanila. Paglingon niya ay nakatitig ito sa

magkasalikop na mga kamay nila ni Jeremy, halata ang pagtatanong sa mga mata nito nang tumingin sa kanya.

At kahit mali ay nakaramdam si Karina ng pagmamalaki. Naipamukha niya sa dating katipan na hindi lang ito ang nakatagpo ng iba. At least, hindi na siya nito inabutan na naglalasing. Kahit paano, naibangon niya ang pride.

“Pakisabi kay Kuya na uuwi rin ako. Mayroon lang akong pinagkakaabalahan ngayon,” aniya bago muling hinigit si Jeremy palabas ng bar. Ang lalaki naman ay nanatiling tahimik at nagpadala lang sa kanya.

Pagkalabas sa bar ay saka niya binitawan ang kamay ng binata. Dala ng hiya ay hindi niya matingnan ang kasama. Pero hinawakan ulit ni Jeremy ang kamay niya. Naglakad sila palapit sa kotse nito. Matapos siyang pagbuksan nito ng pinto ay ito naman ang sumakay sa kotse. Tahimik lang sila habang nagbibiyaha.

Napadpad sila sa Baywalk. Umupo sila sa concrete bench na nakaharap sa *Manila Bay*.

Ramdam niyang tinitingnan siya ni Jeremy, inaarok ang emosyon niya. At biglang nakaramdam ng sundot ng konsyensya si Karina. Alam niyang alam nito ang totoong intensyon



kaya nasabi niya ang mga sinabi kanina.

“Hindi ko intensyong gamitin ka. Pasensya ka na.” Hindi pa rin niya magawang salubungin ang tingin ng kausap.

“Alam kong alam mo ang totoong intensyon ng paglapit ko sa iyo. At sa nasaksihan ko kanina, hindi boyfriend ang kailangan mo. Mas kailangan mo ng kaibigan. At iyon muna ang io-offer ko.”

Napalingon si Karina rito. Nagulat siya sa sinabi ni Jeremy. Ang inaasahan niya ay madi-disappoint ito sa kanya o magagalit dahil ginamit niya ito.

“Hindi ka galit?” aniya, nag-aalangan pa rin.

“Bakit ako magagalit?” Nginitian pa siya ng binata.

“Ginamit kita kanina para....” Hindi niya maituloy ang gustong sabihin. Muli ay nakonsyensya siya.

Nagkibit-balikat ito. “Puwede ko namang sansalain ang ginawa mo kung gugustuhin ko, pero hinayaan lang kita. So in a way, hindi mo talaga ako ginamit. Nangyari ’yon kasi hinayaan kita.”

Matagal na tinitigan ni Karina ang lalaki, “Hindi ka na-disappoint sa akin dahil doon?”

“Wala naman akong expectations sa iyo kaya hindi ako na-disappoint.”

“Pero...”

“Nakikipaglapit ako sa iyo para makilala kita, Karina. At dahil ngayon lang talaga kita nakausap nang matagal, ngayon pa lang kita nakikilala. Wala pa akong kahit anong expectations sa kung paano ka bilang isang tao. Kaya hindi ako na-disappoint sa nangyari kanina.”

“Gan'on?”

Tumango si Jeremy. “Gan'on. Expectations lead to disappointment. At wala akong ine-expect na kahit ano sa iyo. Gusto kitang kilalanin, at natutunan kong para mas makilala ang isang tao, kailangang open-minded at 'wag bibigyan ng ibang interpretasyon ang sinasabi nila. Take it as it is.

“So, kung ano ang nangyari kanina, hinayaan ko lang. Nag-observe lang ako para makilala kita. Kaya ko nga nakita na hindi mo kailangan ng komplikadong relasyon ngayon. Ang kailangan mo lang ay taong uunawa sa kung ano'ng pinagdadaanan mo.”

“At sinasabi mo bang ikaw 'yon?”

“Kung gusto mo lang naman. Hindi ko p'wedeng ipilit ang sarili ko kahit gusto kitang maging kaibigan. Nasabi na rin sa akin ng pinsan ko na medyo mapili ka sa mga kaibigan.”

Totoo iyon. Alam ni Melody na hindi siya basta-basta nagtitiwala.

“Kaya kung papayag ka, willing akong makipagkaibigan sa iyo. Iyon lang ang io-offer ko dahil sa nasaksihan ko, iyon din lang ang kaya mong ibigay sa kahit kaninong tao,” nakangiting sabi ng binata.

Tinitigan ito ni Karina nang matagal, pinag-aralan kung seryoso ba ito.

“Don’t get me wrong. If given a chance, I will still court you. Pero hindi ito ang tamang panahon para gawin iyon. Kailangan mo ng kaibigan, hindi ka-ibigan.” Nakatitig sa kanya si Jeremy, at nakita niya sa mga mata nito na seryoso ito.

Namangha siya. Hinawakan ni Karina ang braso ng kausap at pinisil iyon. Maliban sa pagtingin sa kamay niya ay wala itong reaksyon. Nang hindi tuminag ang lalaki ay kinurot niya ito.

“Aray!”

Saka lang niya binitawan ang braso nito.

“Para saan iyon?”

“Tiningnan ko lang kung totoong tao ka.”

Humalakhak si Jeremy at lalo siyang napatitig dito. His good looks complemented his personality.

“I am real as it gets.”

“Sinigurado ko lang. Baka kasi demigod ang kasama ko rito.”

“Sana kanina mo pa sinabi sa akin ’yan, n’ong plano pa kitang ligawan. Kaso nabawi ko na. Friends na lang tayo, remember?”

Si Karina naman ang napatawa dahil sa sinabi nito.

“Friends?” Nakangiti ito nang itaas ang kamay.

Ngumiti rin ang dalaga bago inabot ang kamay nito. “Friends. But be warned, hindi ako mabuting kaibigan.”

“Alam ko. You suck at meeting new people,” biro nito bago binitawan ang kamay niya.

“Yeah. Kita mo, ikalawang beses pa lang nating nagkita, hindi pa nga tayo friends kanina, nagamit na kaagad kita.”

“Correction, ikatlong beses na nating nagkita. At unang pagkikita pa lang natin, ganyan ka na.”

“Ha?” Napakurap si Karina, sa isip ay may kung anong nagsabing kilala niya ang ngiting iyon, ang dimple na iyon ng binata.

“Isipin mo ’yung unang-una.” Ngumiti si Jeremy sa kanya bago ibinaling ang pansin sa mga nagkikislapang ilaw sa di-kalayuan. Ipinatong nito ang mga braso sa sandalan at saka itinuwid ang mga binti sa unahan, pinag-cross pa ang mga paa.

# Chapter Four



"This will be my last song. I would like to take this opportunity to thank all of you. I hope you had a great time, and I sure hope to see you again. Don't miss me on my scheduled gig, every Wednesday and Friday," ani Karina.

Nagpapasalamat siyang patapos na ang set niya nang muling dumating doon si Carlos. Pero ngayon ay kasama nito ang kuya niya maging si Aileen. Ang hindi niya inasahan ay kasama rin ng mga ito si Beth. Kanina pa masakit ang puso niya, lalo na't pumuwesto pa talaga sa harapan niya ang apat.

Hindi naman niya masisi ang mag-asawa

kung bakit isinama pa ng mga ito si Beth. Walang nakakaalam na naging sila ni Carlos dati. Inilihim nila iyon. At kahit nagkahiwalay sila, naroon pa rin sa puso ni Karina ang pag-asam na darating ang panahon na maipagmamalaki na siya ni Carlos.

Pero wala nang pag-asa. Narito na si Beth. At sa nakikita niyang kilos ng babae, alam niyang mahal nito si Carlos. Alam niya, dahil ganoon din niya tingnan at asikasuhin ang lalaki noon sa tuwing magkakaroon siya ng pagkakataon.

At tanga lang ang lalaking hindi magugustuhan si Beth.

Lalo siyang nasaktan. Wala na talagang pag-asa. Nakita na ni Carlos ang babaeng maipagmamalaki nito at hindi ikahihiyang ipakilala sa iba. Ang masakit, ibang babae iyon, hindi siya.

Ang tanging ginawa niya ay ibaling kay Jeremy ang paningin. Ang lalaki naman ay waring nakakaunawa dahil hindi ito umaalis sa puwesto nito, sa tuwina ay binibigyan pa siya nito ng thumbs-up sign. Kaya para mas makaiwas sa tanawin sa harapan, nag-focus si Karina sa binata. At nakatulong sa pagbalsamo sa nagdurugong puso niya ang mga ngiti nito.

Pero sa kabila ng sakit ay naguluhan din si Karina dahil sa tuwing magtatama ang mga mata nila ni Carlos ay nagbabadya iyon ng pag-asam. At ilang beses din niya itong nakitang lumingon sa direksyon ni Jeremy at sa tuwina ay nagdidilim ang mukha nito.

“So for the last song request, I will be singing....” aniya bago binasa ang kantang nakasulat sa papel, “*Jealous* by Nina. Requested by Miss Clarence.”

Gusto niyang tumawa. Ito pa talagang kantang ito?

Nananadya yata talaga ang tadhana. Bakit ba hindi muna niya tiningnan ang nakuhang kanta bago niya binasa sa microphone? Sana ay napalitan niya ang requested song na kakantahin niya.

Pero wala na siyang magagawa ngayon, nasabi na niya. Bumuntong-hininga si Karina bago inumpisahang patugtugin ang gitara.

*“Jealous of the girl who caught your eyes. One of my darker days. When you look at her, where was I? Should have been in her place...”*

Napuno ng luha ang mga mata ni Karina, pumikit siya at yumuko nang bahagya bago itinuloy ang pagkanta.

Huminga siya nang malalim, muling luminga sa direksyon ni Jeremy. Ngunit hindi niya ito nakita sa lugar kung saan ito nakatayo. Iniikot niya ang paningin. Nakita niya ang lalaki na nakaupo sa mismong harapan niya, nakangiti, nasa mga mata ang paghanga.

And Karina suddenly felt the courage to continue singing. Itinutok niya sa nakangiting mukha ng binata ang kanyang paningin.

*“And you know I’d fight a good fight, if I thought I’d change your mind. But if she makes you happy, then I’ll leave the dream behind...”*

Tumango sa kanya si Jeremy, nag-okay sign pa ito. At sa kabila ng sakit sa pusong nararamdaman niya ay nagawa pa rin niyang gumanti ng ngiti rito.



“Jeremy, I would like you to meet my older brother, Brian, and his wife and my good friend, Ate Aileen.” Nakaupo na sila sa lamesa na inookupa ng apat.

Hindi na kailangang sabihan ni Karina ang lalaki. Pagtayo pa lang niya sa bangko sa stage ay nakaabang na ito sa kanya, inalalayan pa siya sa pagbaba. At siya na ang humawak sa kamay nito.

Wari’y naramdaman ni Jeremy ang



panlalamig ng kamay niya dahil ikinulong nito iyon sa palad nito. At kahit naramdaman nito na nabawasan na ang tensyon sa katawan niya, tinanong pa rin ng lalaki kung handa na ba siyang lapitan ang mga bisita niya.

“Jeremy Buenavidez, pare.” Nagkamay ang dalawang lalaki.

“Jeremy is a friend and the owner of this bar,” ani Karina. Ipinakilala rin niya si Beth. Kinamayan din ito ni Jeremy.

Ipinatong ng binata ang kamay nito sa lamesa. Si Karina ang kumapit doon, umaamot ng kaunting lakas at tapang. Lumingon ito sa kanya at ngumiti, hinigpitan nito ang pagkakahawak sa kamay niya.

“Just a friend?” ani Aileen, nasa mga mata ang panunudyo.

Nginitian at kinindatan siya ni Jeremy bago bumaling sa kaibigan niya. Waring sinasabing relax lang siya, kaya na nitong dalhin ang usapan.

“Yeah. I kind of friendzoned her,” seryosong sagot nito na ikinatawa ni Aileen.

“Really?” ani Beth, halata ang kalituhan sa mga mata. Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanila ni Jeremy bago bumaba sa mga kamay nilang magkasalikop sa ibabaw ng lamesa.

“Really,” maagap na sagot ni Jeremy. “Pagkatapos kong sabihing friendship lang ang maio-offer ko sa kanya, tinanong niya ako kung demigod daw ba ako. What a tease! Kaso hindi ako mabilis maniwala sa boladas, kaya friends lang talaga kami,” anito bago muling ngumiti at kumindat sa kanya.

Hindi napigilan ni Karina ang pagtawa. Pinaikot niya ang mga mata at inismiran ang binata. Si Aileen ay tumawa rin at nang lingunin niya ang kaibigan ay kinagat nito ang ibabang labi.

Alam niya ang ibig sabihin niyon. Gusto nito si Jeremy para kanya. Ilan sa naging boyfriend niya ang ipinakilala niya rito, pero inismiran lang siya nito. Ngayon lang niya ito nakitang bumoto sa lalaking ipinakilala niya. Ang nakakatawa, hindi niya boyfriend ang binata.

“Bukod sa bar na ito, ano pa ang ibang negosyo mo?” tanong ni Brian. Kung si Aileen ay boto na kaagad dito, ang kuya niya ay halatang may pagdududa pa sa lalaki.

“May tatlo pa akong restobar, pero may mga ka-partner din ako roon.”

“Restobar lang ang pinagkakaabalahan mo?” Halatang hindi ito na-impress kay Jeremy.

Si Karina ang nakaramdam ng inis sa pangmamaliit ng kuya niya sa binata, at nahiya rin siya kay Jeremy. Maging si Aileen ay biglang nawala ang ngiti sa mga labi nito. Habang si Carlos ay tahimik lang. At kahit hindi sinusulyapan ni Karina, ramdam naman niya ang pagtitig sa kanya ng dating katipan.

“Honey, really?” ani Aileen, alam niyang hindi rin nito nagustuhan ang sinabi ng asawa.

“Restobar at gigs,” ani Jeremy, nagkibit-balikat, hindi inintindi ang ipinahihiwatig ng kuya niya.

Pagkakataon na nitong ipagmalaki na may-kaya ang pamilya nito. Ayon kay Melody ay malawak ang lupain ng mga Buenavidez sa Bohol. May business din ang mga ito na may mga branches hindi lang sa Manila, maging sa Bohol, Cebu, at Davao. May kaisa-isang kapatid si Jeremy; babae ito at bunso. May sariling pamilya na ito kaya ang lalaki lang ang katulong ng ama nito sa pagpapalago ng mga iyon.

Ang pagkanta ay libangan lang ng lalaki. Outlet ng stress na dala ng pagha-handle ng negosyo na magkakalayo pa ang lokasyon.

“At pamamahala sa rent-a-car business na may branches sa iba’t ibang parte ng Pilipinas,”

ani Karina.

“Mukhang marami ka palang trabaho, bakit narito ka pa? Gabi na, ah. Wala ka bang lakad bukas?” sabat ni Carlos.

Napalingon siya dahil halata sa boses ng lalaki na mainit ang ulo nito. Nakatingin ito sa mga kamay nila ni Jeremy na magkasalikop sa ibabaw ng lamesa.

Lalong hinigpitan ng dalaga ang pagkakakapit sa kamay ng katabi. Napatingin naman ito sa kanya, humigpit din ang pagkakahawak nito.

“Kung gagawin o pupuntahan, hindi ako nawawalan niyon. Pero alam ko ang priority ko. Kaya kahit anong busy, kahit may maaga pang lakad, sasadyain at gagawin ko ang gusto kong gawin talaga.”

Sa kabila ng sakit sa puso ni Karina ay may kakaibang init na pumasok sa loob niyon. Napatingin siya sa mukha ni Jeremy. Nakatingin ang lalaki sa kanya at ngumiti ito nang magtama ang mga mata nila.

Gratitude and warmth filled her heart. Gumanti siya ng ngiti sa binata bago bumaling sa mga kaharap nila. Nagtama ang mga mata nila ni Aileen. Pasimple itong sumulyap kay Jeremy at muling ibinalik ang tingin sa kanya bago nanliit

ang mga mata.

“Speaking of gagawin at lakad, tutuloy na kami. May pupuntahan pa kami ni Jeremy.”

Bukod sa pagkapahiya sa inasal ng kuya niya, pagkakataon na niyang umalis doon. Kanina pa niya gustong tumayo, ang kamay lang ni Jeremy ang dahilan kaya natagalan niya ang pagtigil sa lamesa.

At pagkakataon na para umalis doon na kahit papaano ay magaan ang dibdib niya. She was going to let go at hindi makatutulong na kasama niya sa lamesa ang mismong lalaking pinaplano niyang kalimutan.

“Sandali, Karina,” pigil ni Brian. “Kailan mo planong umuwi sa bahay?”

“May maayos akong natitirahan, Kuya, kung iyon ang inaalala mo.”

Kasama na siya ni Melody sa flat nito. Noong una ay plano lang niyang tumira roon habang naghahanap siya ng apartment, pero ini-offer na sa kanya ng kaibigan ang isa pang kuwarto sa flat. Imbes na sa iba pa raw siya magrenta, tinanggap na niya dahil bukod sa magkakilala na sila, malaking tipid din iyon sa kanya.

“Nag-aalala na sina Mommy at Daddy.”

“Kausap ko halos araw-araw si Mommy. Alam

din niya kung saan ako nakatira.”

“Wala ka man lang bang planong bisitahin sila sa bahay?”

“Bibisitahin ko sila bukas.” Nilingon niya si Aileen. “Kiss Brandon for me,” aniya bago akmang tatayo.

“Bisitahin mo rin ako sa bahay.”

“Tatawagan kita,” non-committal na sagot ni Karina. Hanggang maaari ay ayaw niyang pumunta sa bahay ng mga ito. Lalo na ngayong may masakit na alaala siyang gustong kalimutan sa lugar na iyon.

“Sa personal kita gustong makausap. Marami akong itatanong sa iyo.” Seryoso ito nang sabihin iyon. May ideya na siya kung ano ang itatanong nito, at hindi siya handa roon.

“Tatawagan kita,” ulit lang niya bago tuluyang tumayo.

“Nice to meet you all again.” Ngumiti si Jeremy bago sila tuluyang tumalikod.

“Jeremy, my knees are trembling,” bulong niya sa lalaki.

“Want me to carry you? Walang kaso sa akin,” ganting bulong nito.

Napangiti si Karina. Alam niyang gagawin iyon ng binata, “Hindi. Pero p’wede bang alalayan

mo ako?” Siya na ang dumikit sa katawan nito habang naglalakad sila. Binitawan ni Jeremy ang kamay niya at inilipat iyon sa kanyang balikat.

“Gladly,” bulong nito.

Pero dahil sa pagtama ng mainit na hininga ng binata sa kanyang pisngi ay lalong nanghina si Karina. Nagulat siya. Paanong ang sakit na nararamdaman niya ay biglang napalitan ng kaba? Bakit may masarap na kilabot na nanulay sa balikat niya pababa?

Nakagat niya ang labi at napapikit siya. Posible bang matutong magmahal ang isang pusong kasalukuyan pang nasasaktan?